GRADE V

# PROYEKTO: PAMAHALAANG LOKAL NG ESPANYOL



## ALAMIN MO

Nagkaroon ng pagbabago sa pamamahala ng mga Espanyol noong ika-17 dantaon. Magmula sa pamahalaang sentral, nagkaroon ng pamahalaang panlalawigan, pambayan at panglungsod.

Mapag-aaralan mo sa modyul na ito kung paano naitatag ang pamahalaang lokal at ang mga uri nito, ang mga pinuno ng bawat uri at ang kani-kanilang tungkulin at karapatan. Inaasahan na matatapos mo ang lahat ng gawain nang buong kasiyahan.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Nang dumating ang mga Espanyol sa ating bansa, itinatag nila ang pamahalaang sentral na namahala sa buong kapuluan. Basahin ang bawat tanong at isulat ang mga sagot sa kwaderno.

1. Bakit itinatag ng mga Espanyol ang pamahalaang sentral?
2. Ano ang tungkulin ng Gobernador-Heneral tungkol sa mga batas at kautusan ng hari ng Espanya?
3. Sino ang nangangasiwa sa mga parokya?
4. Ano ang tawag sa karapatan ng isang Gobernador-Heneral para pigilin ang pagpapatupad ng batas mula sa Espanya?
5. Bakit itinatag ng Hari ng Espanya ang <u>residencia</u> sa Pilipinas?



6. Ano ang tawag sa mataas na hukuman na pinamumunuan ng Gobernador-Heneral?

7. Bakit maaaring masuspendi o magmulta ang isang opisyal?

8. Paano ito malalaman?



## PAG-ARALAN MO

Ang Pilipinas ay nahati-hati sa mga lalawigan, bayan, o lungsod para madali ang pamamahala ng Gobernador-Heneral.

**Paano ang naging pamamalakad sa isang lalawigan?**

May mga unang Espanyol sa Pilipinas na nabigyan ng pansamantalang lupain o *encomienda* para sakupin. Sila ang mga *encomendero* at may karapatang mangolekta ng buwis mula sa mga taong sakop nila. Ang kapalit nito ay ang pagtatanggol niya sa kanyang masasakyan at tumulong sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo.

Noong kalagitnaan ng ika-17 dantaon, binuwag ang mga *encomienda* at itinatag ang iba-ibang yunit ng pamahalaang lokal. Nagkaroon ng mga lalawigan at ang bawat lalawigan ay may hanggahan. May dalawang uri ang lalawigan. *Alcaldia* ang tawag sa lalawigang payapa at *corregimiento* naman ang lalawigang may nagaganap pang kaguluhan. Ang mga naunang *alcaldia* ay Ilocos, Nueva Segovia o Cagayan, Bulacan, Pampanga at Camarines. Ang mga *corregimiento* naman ay Mindoro, Masbate at Aklan.

**Sino ang pinuno sa *alcaldia* ?**

Ang *alcaldia* ay pinamunuan ng *alcalde-mayor* at siya ang kinatawan ng gobernador-heneral.

**Ano-ano ang tungkulin ng *alcalde-mayor*?**

Ang mga tungkulin ng *alcalde-mayor* ay: (1) mangolekta ng buwis; (2) magpanatili ng katahimikan at kaayusan; (3) magbigay ng lisensya sa kalakalan; at (4) mangasiwa sa mga gawaing panrelihiyon.

Bagama't maliit ang sweldo ng *alcalde-mayor*, may karapatan siyang makipagkalakalan o magnegosyo.

**Sino ang pinuno ng isang *corregimiento* at ano ang kanyang tungkulin?**

Ang *corrigimiento* ay pinamunuan ng isang *corregidore* at ang tungkulin niya ay magpatahimik ng mga pook na may kaguluhan. Siya ay kinatawan din ng gobernador-heneral.

Tingnan ang tsart at punan mo ng kailangang datos. Ang unang bilang ay ginawang halimbawa. Isulat ang mga sagot sa kwaderno.

| **PAMAHALAANG PANLALAWIGAN** | | |
|---|---|---|
| **Kategorya** | **Alcaldia** | **Corregimiento** |
| 1. Katangian | payapa | di-payapa |
| 2. Pinuno | | |
| 3. Tungkulin ng pinuno | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| 4. Karapatan ng pinuno | | |
| | | |

**Paano nagkaroon ng *pueblo* o bayan?**

Ang bawat lalawigan ay hinati-hati sa mga *pueblo* o bayan. Ang bawat *pueblo* o bayan ay may poblasyon o kabisera na sumasakop sa ilang baryo o sityo. Makikita sa poblasyon ang simbahan at kumbento, ang tribunal o *audiencia*, paaralang publiko, at mga pook-tirahan.

**Sino ang namuno sa mga *pueblo* o bayan?**

Ang pueblo o bayan ay pinamunuan ng *gobernadorcillo*. *Municipio* naman ang tawag sa kanyang tanggapan. Ang *gobernadorcillo* ang pinakamataas na posisyon na maaaring gampanan ng mga Pilipino.

**Paano pinili ang gobernadorcillo?**

Sa mga unang bahagi ng pananakop, inihahalal ng mga Pilipinong may-asawa ang gobernadorcillo hanggang sa napalitan ang sistema. Ang paghalal sa kanila ay ginawa ng 12 na *cabeza de barangay* na mga apo o kamag-anak ng mga datu. Tatlo ang pinipiling kandidato para sa tungkuling ito at ang gobernador-heneral ang hihirang ng *gobernadorcillo.*

**Ano ang tungkulin at karapatan ng gobernadorcillo?**

Ang tungkulin ng gobernadorcillo ay: (1) mangolekta ng buwis at (2) pangasiwaan ang mga gawaing pambayan gaya ng pagpapagawa ng mga tulay at daan. Ang karapatan naman niya ay hindi pagbabayad ng buwis at pagiging kabilang sa *principalia* o pangkat ng matataas na tao sa kolonya.

**Paano ang pamamalakad sa barangay?**

Ang mga pueblo ay nahahati sa mga barangay na pinamumunuan ng *cabeza de barangay*. Ang *cabeza de barangay* ay maaaring dati nang datu o di kaya ay pinuno ng isang tribu. Sila ang nangangasiwa sa kapakanan ng mga nasasakupang pamilya. Kabilang sila sa *principalia* kaya hindi sila nagbabayad sa buwis at hindi sila sumasali ng *polo* o sapilitang paggawa.

**Paano nagkaroon ng mga lungsod?**

Ang mga bayang may malalaking populasyon at naging aktibo sa pulitika, kabuhayan at kalinangan ay binigyan ng tanging karta o *charter* para maging lungsod.

**Paano ang pamamahala sa isang lungsod?**

Ayuntamiento ang tawag sa pamahalaang lungsod na pinamunuan ng isang *cabildo*. Ito ay may konseho na pinamunuan ng *alcalde-ordinario*, anim hanggang 12 *regidores* o konsehal, isang *escribano* o kalihim at isang *alguacil-mayor* o punong konstable.

**Ang *ayuntamiento* ang sentro ng kalakalan, relihiyon at kultura.**

Ang mga naunang lungsod ay Maynila, Cebu, Nueva Caceres o Naga, Arevalo (ngayo’y sakop ng siyudad ng Iloilo) at Villa Fernandina o Vigan.

Ang Lungsod ng Maynila ang pinagkalooban ng opisyal na escudo ng Hari ng Espanya. Ito ang naging kabiserang lungsod ng kolonya noong ika-19 ng Nobyembre 1595.

Bakit kinakailangang magkaroon ng mga pamahalaang lokal sa mga lalawigan, pueblo o bayan, lungsod at barangay?

## PAGSANAYAN MO

Basahing mabuti ang bawat tanong. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.

A. Sino ang tinutukoy sa bawat bilang?

1. Espanyol na pansamantalang binigyan ng lupaing sasakupin
2. Pinuno ng lalawigang payapa
3. Pinuno ng lalawigang di-payapa
4. Pinuno ng isang bayan
5. Pinuno ng isang barangay
6. Pinuno ng isang lungsod

B. Isulat ang T kung tama ang pahayag at M kung mali.

1. Noong ika-17 dantaon, lahat ng lalawigan ay mapayapa.
2. Malaki ang kita ng alkalde-mayor batay sa kanyang suweldo.
3. Ang mga Pilipino ay maaaring mahirang na *gobernadorcillo.*
4. Mayayaman lamang ang maaaring maging *cabeza de barangay*.

## TANDAAN MO

- *Ang pamahalaang lokal ay itinatag para mas madali ang pananakop ng mga Espanyol.*

- *Ang pamahalaang lokal ay nagbigay daan sa pagtatatag ng mga lalawigan, bayan at lungsod.*

## ISAPUSO MO

Sa iyong palagay, tama ba ang ginawa ng mga Espanyol na magtatag ng pamahalaan sa mga lalawigan, bayan, lungsod at barangay? Bakit? Isulat sa iyong kwaderno ang iyong paliwanag.

## GAWIN MO

Sa kasalukuyan, ang ating pamahalaang lokal ay pinamumunuan ng mga opisyal na inihalal ng mga mamamayang maaaring bumoto. Isulat ang pangalan ng mga nanunungkulan sa kasalukuyan sa inyong pamahalaang lokal. Sumangguni sa mga pahayagan o magtanong sa mga kakilala. Isulat ang sagot sa kwaderno.

1. Sino ang Gobernador ng iyong probinsya?
2. Sino ang Mayor sa iyong bayan o lungsod?
3. Sino ang Punong Barangay ng iyong barangay?

## PAGTATAYA

Basahin ang bawat tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kwaderno.

1. Alin ang HINDI tungkulin ng *encomendero*?
   A. Magtakda ng buwis
   B. Magpatayo ng simbahan
   C. Magtanggol sa nasasakupan
   D. Tumulong sa pagpapalaganap ng Kristyanismo

2. Alin ang HINDI katangian ng isang lalawigan o *alcaldia*?

A. Ito ay may hanggahan
B. Ito ay pag-aari ng alkalde-mayor
C. Ito ay maaaring mapayapa o di-mapayapa
D. Ang alkalde-mayor ay nakakapagnegosyo

3. Alin sa sumusunod ang HINDI tungkulin ng *gobernadorcillo*?
   A. magsabi ng misa
   B. magpagawa ng daan
   C. magpagawa ng tulay
   D. mangolekta ng buwis

4. Alin sa sumusunod ang karapatan ng *cabeza de barangay*?
   A. Mamuno sa halalan
   B. Mamigay ng lisensya
   C. Hindi magbayad ng buwis
   D. Mangasiwa ng mga simbahan


5. Alin sa sumusunod ang katangian ng isang bayan para maging lungsod? Ito ay aktibo sa __________.
   A. pulitika C. kalinangan
   B. digmaan D. kabuhayan

**PAGPAPAYAMANG GAWAIN**

Basahin ang bawat sitwasyon. Pumili ng isa at isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

1. Ikaw ang pinakamayaman sa iyong Barangay. Tatanggapin mo ba ang posisyon ng *cabeza de barangay*? Bakit?

2. Ikaw ay naninirahan sa isang lungsod. Papayag ka bang kunin ng pamahalaan ang pag-aari mong gusali para gawin itong isang museo? Bakit?



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.